

SUMUNOD AT HUMAYO

(Mga Katuwang ni Hesus ng Pagdadala ng
Tao sa Kanya)

A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Fr. Alex Balatbat

Setyembre 19, 2026

Bilang mga alagad ni Hesus tinawag tayong, *"Humayo at gawing mga alagad sa lahat ng bansa..."* (Mateo 28:18-20). Ang pagbabahagi ng Ebanghelyo ay hindi lamang para sa mga pari at misyonero. Dahil tinanggap na natin si Hesus, tinawag tayong ibahagi ang Mabuting Balita, tumulong at ilapit ang iba sa Kanya at mamuhay sa lupa parang buhay-langit.

1. IPAHAYAG ANG KABUTIHAN NG DIYOS SA LAHAT NG PANAHON.

1.1. **Ipahayag natin ang kabutihan ng Diyos kung tayo'y nakatatanggap ng mabuting balita at biyaya.** Misyon at tungkulin nating ibahagi si Hesus bilang regalo sa iba.

1.2. **Dapat din nating ipahayag ang kabutihan ng Diyos kahit sa mahirap na panahon.** Madaling ibahagi ang kabutihan ng Diyos kung maayos ang lahat. Gayunpaman, kahit tayo ay nasasaktan, nagluluksa, o dumaraan sa pagsubok, maaari nating gamitin ang ating pagdurusa at sabihin "Napakabuti ang Diyos sa akin." Maaring magbago ang ating kalagayan, ngunit ang Diyos ay nananatiling mabuti at tapat.

1.3. **Kinikilala natin ang presensya ng Diyos sa bawat panahon.** Sa tawanan at luha, sa paghihirap at kagalakan, buhay at kamatayan naroroon ang Diyos. Maging ang ating mga pakikibaka ay maaaring patotoo sa Kanyang kabutihan. Ang babaeng taga-Canaan, sa kabila ng kanyang kawalan ng pag-asa at mahirap na kalagayan, ay patuloy na naniwala kay Hesus (Mateo 15:21-28). Ipinakita ng kanyang pananalig na nagtiwala siya kung sino si Hesus, kahit hindi nagbabago ang kanyang sitwasyon.

2. IBAHAGI KUNG ANO ANG ATING NATANGGAP.

2.1. Natanggap natin ang Mabuting Balita, pag-asa, pag-ibig, pagpapala, at kaligtasan sa pamamagitan ni Hesus. Ang binibigay ng Diyos ay hindi lamang manatili sa atin, ito ay dapat dumaloy sa iba sa pamamagitan natin.

2.2. Habang higit nating nararanasan ang Kanyang pag-ibig at katapatan, mas marami tayong maibabahagi sa iba. Pinagpapala tayo upang ibahagi sa iba.

2.3. Ang ating salita ay maaaring makahikayat sa iba upang makilala si Hesus, magtiwala sa Kanya, at maranasan ang Kanyang pag-ibig. Sa pagbabahagi ng Kanyang kabutihan, binibigyan natin ang iba ng patikim ng langit at ipinapakita natin kung sino talaga si Hesus..

3. ANG ATING BUHAY AY MGA BUHAY NA PAGPAPAHAYAG TUNGKOL KAY HESUS.

3.1. Hindi kailangang bongga o pambihira ang kwento natin para mailapit ang iba kay Hesus. Pwede nating ikwento sa iba kung paano tayo binago ni Hesus, kung paano Niya tayo tinulungan sa matitinding pagsubok, at tinuruang magtiwala sa Kanya.

3.2. Ang ating mga ngiti, kabutihan, malasakit, paglilingkod, at kahandaang tumulong ay maaaring maging mga simpleng paraan ng pagpapahayag ng Kanyang pag-ibig; maaari silang makakita ng isang bahagi ni Hesus sa pamamagitan natin.

4. IPAMUHAY NATIN DITO SA MUNDO ANG BUHAY-LANGIT.

4.1. **Simulan nang mamuhay ng buhay-langit ngayon.** May isang kwento ng pamilya na mag-migrate sa US sa susunod na taon. Maagang nagsimulang magsanay ang anak sa pagsasalita ng English. Tulad nito, kung ang ating destinasyon ay ang langit, dapat nating simulang isabuhay ang buhay-langit dito sa lupa.

4.2. **Hayaang hubugin ni Kristo kung sino tayo.** Hayaan nating ang ugali ni Kristo ang maghubog sa ating ugali, ang mga salita ni Kristo ang maghubog sa ating mga salita, at kaisipan ni Kristo ang maghubog sa ating mga kaisipan, habang mas namumuhay tayong tulad ni Hesus mas maipapakita natin si Hesus sa kapwa.

KONKLUSYON

Dapat ihayag ng ating buhay kung sino si Hesus. Hindi lang tayo tagatanggap ng Mabuting Balita, kundi mga tagapagdala rin tayo nito. Ang pag-asang natanggap natin mula kay Kristo ay dapat ibahagi sa iba. Ang ating kwento ay maaaring maglapit sa isang tao kay Hesus. Ang ating kabaitan ay nagpapakita ng Kanyang pag-ibig. Ang ating patotoo ay magbigay sa iba ng pag-asa. Kaya, maging katuwang tayo ni Kristo sa pag-akay sa mga tao papalapit sa Kanya ngayon!

PAGNINILAY:

1. Anong mga kwento ng iyong buhay (pagbabalik-loob, mga luha, mga pagpapala) ang maaaring maging salita ng pagpapahayag?
2. Inilalapit mo ba ang mga tao nang isang hakbang papalapit kay Hesus o ikaw ang dahilan ng kanilang paglayo sa Diyos?

SCRIBES Ministry

Isinalinni: Thess P. Sarmiento

Na-edit ni: Nida Cruz

Tags: #Pagpapahayag #Pagpapangaral

<https://lordsflock.org/teachings/digests/>

<https://www.facebook.com/share/p/1GHycEZCbh/>